

PANEL 1

Astronomiya: isang pangkalahatang siyensiya na nagpapatatag, nagsusulong at nagbibigay-tugon sa pagkakaiba-iba ng bawat isa.

Ang mga pandaigdigang organisasyon, tulad ng International Astronomical Union (IAU), ay nagsusulong at nangangalaga ng siyensiya ng astronomiya sa pamamagitan ng kolaborasyong internasyonal.

Ang kolaborasyong ito ay bukas sa lahat, kaya mahalaga ang pagkakaiba-iba ng bawat isa sa pagpapatupad ng misyong ito.

“Diversity (Pagkakaiba-iba): Ang sining ng sama-samang malayang pag-iisip.” – Malcolm Forbes

Caption Image 01: Nilalaro ng batang malabo ang paningin ang isang kagamitang pandama.

Caption Image 02: Mga batang ginagamit ang pandama sa pag-aaral. Sa Chile.

Caption Image 03: Pag-usisa sa mga instrumento.

PANEL 02

Ang pangunahing agham ay nangangailangan ng tunay na pagkakaiba-iba.

Ang panguahing agham ay ang proseso ng pagtuklas na nagbibigay sa atin ng kakayahang makabuo ng mga bagong kaalaman at ng mas malawak na pananaw sa mundo. Ito ay dapat na malaya sa mga panuntunang panlipunan, at tumatanggap ng mga kalahok mula sa iba-ibang kaligiran at kakayahan. Ito ay hindi na maaaring mapigilan ng maling gamit, pagpapabaya, o pagkukulang ng ating kakayahan sa pagtuklas.

“Panahon na upang turuan nang maaga ng mga magulang ang kanilang mga anak na may ganda’t lakas sa ating pagkakaiba-iba.” – Maya Angelou

Caption Image 1 – Simulasyon sa palutang-lutang na kondisyon sa kalawakan.

Caption Image 2 – Paggamit ng siyentipiko ng datos ng pagsasaliksik (gamit ang *audio digital interface*)

PANEL 3

AKSYON

Masipag Dinamiko Matapat

Masipag na pagkilos: Isinasaisip at inaalala ang bawat isa.

Dinamikong pagkilos: Nakikisalamuha ang mga astronomo sa komunidad, na pinapahalagahan sa pagtanggap sa bawat isa bilang bunga ng ating sama-samang pagkamalikhain.

Matapat na pagkilos: Ang mga bagong teknolohiya at pamamaraan sa pagtuklas, na may malaking pakinabang sa mga mamamayan, ay kaakibat ng pagsulong sa ating kakayahan sa astronomiya. Nagsasaliksik ang mga siyentipiko sa kanilang lubos na kakayanan.

Image Caption 1 – Kinakapa ng mga batang may kapansanan sa paningin ang isang modelo ng Buwan

Image Caption 2 – Nag-aaral ng electronics ang mga bata mula sa isang paaralan ng mga may kapansanan sa paningin.

PANEL 04

Pangangailangan ng Pagbabago

Mas mataas ang posibilidad na hindi makapagtapos ang mga kabataang may kapansanan kaysa sa mga kabataang walang kapansanan. Lumalaki ang agwat na ito sa bawat pagtaas ng antas sa paaralan.

Source:

<http://uis.unesco.org/sites/default/files/documents/fs40-education-and-disability-2017-en.pdf>

Pagdating sa mga kabataang walang kapansanan, magkahalintulad ang dami ng mga nagtatapos na mga kababaihan at kalalakihan. Ngunit pagdating sa mga kabataang may kapansanan, mas maliit ang pagkakataon na makapagtapos ang mga kalalakihan kaysa sa mga kababaihan.

Source:

<http://uis.unesco.org/sites/default/files/documents/fs40-education-and-disability-2017-en.pdf> UNESCO 2017, fact sheet

Hindi lahat ng mga paaralan, departamentong akademiko o mismong mga tanggapan para sa kapakanan ng mga may kapansanan (disability support offices) ay may kakayahang tumanggap ng mga mag-aaral na may kapansanan.

(Journal of Postsecondary Education and Disability 24(4), 285-299)

Kadalasang hindi tumutugma ang mga datos ng mga may kapansanan sa kolehiyo kaysa kung ano ang kanilang ihinaharap sa mga tao.

Source: Bureau of Labor Statistics, 2011; Burrelli & Falkenheim, 2011; Fairweather & Shaver, 1990)

Tumaas ba ang porsyento ng mga taong may kapansanan na may trabaho?
Nakapanlulumo ang lumalabas na datos: ayon sa tala, patuloy pang bumababa ang bilang ng mga empleyadong may kapansanan sa buong mundo.

zeroproject.org

Ang mga nagdadalubhasang mag-aaral na may kapansanan ay may mas mababang oportunidad na maging mananaliksik.

Sources: (16.4% vs. 24.4%) than their non-disabled counterparts.” National Science Foundation. (2009). Women, minorities, and persons with disabilities in science and engineering. Washington, D.C.: National Science Foundation (NSF 09-305).

PANEL 5

Higit sa Astronomiya

“Mayroong isang espesyalistang nagsabi sa aking ina na hindi kailangang gastusan ang aking pag-aaral... Sa kabila nito, itinaguyod ng aking mga magulang ang aking pag-aaral sa pampublikong paaralan ng Massachusetts. Noong una’y hirap ang aking mga guro sa kung paano ako matuturuan, at kadalasa’y hindi nila alam ang kanilang gagawin. Bago ako magtapos ng hayskul, napagtanto ko ang aking potensyal – na ito ay iba sa kung ano ang inaasahan ng lipunan sa isang bulag. Nagsimula akong kumuha ng mas matataas na antas na aralin, at ginulat ko ang lahat – maging ang aking sarili – sa aking tagumpay.” Mona Minkara, monaminkara.com

Lisensyado ang gawaing ito sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>).



Isinalin ang bersyong Filipino ng mga boluntaryo ng [Astronomy Translation Network](#) () sa koordinasyon ng [National Astronomical Observatory of Japan](#) at ng [IAU Office for Astronomy Outreach](#).

Isinalin nina Jerald Dorado, Rizchel Masong at Julius Noah Sempio.
Iwinasto/Siyentipikong pagsusuri ginawa nina Timothy James Dimacali at Lakandupil Garcia.

Petsa: Ika-8 ng Oktubre, 2019